

PROTOKOL NG PAGKAKASUNDO AT BIYAYA SA PAMAMAGITAN NG PAGHIHIWALAY

Pahayag ng mga Prinsipyo

- Kung saan, ang United Methodist Church at mga miyembro nito — pagkatapos ng maingat na pagmumuni-muni, pag-uusap at pagdadasal — ay may pangunahing pagkakaiba tungkol sa kanilang pagkaunawa at interpretasyon ng Banal na Kasulatan, teolohiya at pagsasanay;
- Kung saan, ang United Methodist Church sa Espesyal na Sesyon ng Pangkalahatang Kumperensya nitong Pebrero 2019 sa St. Louis ay hindi naresolba ang kanilang pagkakaiba lalo na ang nauukol sa buong paglahok ng mga LGBTQ sa buhay ng Simbahan;
- Kung saan, ang United Methodist Church at ang mga miyembro nito ay hindi magkasundo, ang saksi at misyon ng Simbahan ay nahahadlangan, at ang Simbahan mismo gayundin ang mga miyembro nito ay apektado;
- Kung saan, ang United Methodist Church at ang mga miyembro nito ay may malalim na kagustuhang mapunan ang matagal na nating ipinahayag na misyon para makakuha ng mga disipulo ni Hesukristo para sa pagbabago ng mundo.
- Kung saan, ang United Methodist Church ay nakatuon sa pagkilala, pagrespeto, at pagprotekta sa karapatan at personal na dignidad ng bawat tao, kasama ang mga tao ng lahat ng lahi, seksuwal na oryentasyon, kasarian, pinagmulang bansa, edad, at klaseng panlipunan;
- Kung saan, ang mga pumirma ay nagsama-sama bilang paglaki ng konsultasyon na sinimulan ni Obispo John Yambasu at ng iba pang Central Conference Bishops, at hiniling na kumatawan sa iba't ibang nasasakupan ng Simbahan sa pag-abot ng mapagmahal at marangal na paglutas ng hindi pagkakasundo;
- Kung saan, ang mga pumirma ay nagmungkahi ng muling pagsasaayos ng United Methodist Church sa pamamagitan ng paghihiwalay bilang pinakamagandang paraan upang maresolba ang ating mga pagkakaiba, upang ang bawat bahagi ng Simbahan ay manatiling totoo sa teolohikal na pag-unawa nito, habang kinikilala ang dignidad, pagkakapantay-pantay, integridad, at respeto para sa bawat tao; at
- Kung saan, ang mga pumirma, sa pagkilala ng rehiyonal na konteksto at magkakaibang punto ng pagtingin sa loob ng pandaigdigang United Methodist Church, ay nagmungkahi ng paghihiwalay bilang mapanampalatayang hakbang sa posibilidad ng patuloy na kooperasyon tungkol sa mga bagay ng kabahaging interes, upang ang bawat isa sa atin ay tunay na mamuhay sa ating pananampalataya;

KUNG KAYA, NGAYON, ang mga pumirma, na nais magsilbi sa United Methodist Church, ay sumasang-ayon sa mga sumusunod, sa Protokol ng Pagkakasundo at Biyaya sa Pamamagitan ng Paghihiwalay (“ang Protokol”):

ARTIKULO I: Kasunduan at Pangako para sa Protokol na ito

- Ang Protokol na ito ay magkaisang sinang-ayunan ng bawat pumirmang karaniwang tao, pastor, at obispo ng United Methodist Church. Ang mga pumirma ay nagkasundo din na ganap na suportahan ang Protokol na ito at ang bawat isa sa aming magkasanib na pagsisikap na maipatupad ito. Ang bawat pumirma ay sumang-ayon din na iboto at pagtibayin ang pagpapatupad ng batas ng Protokol ng Pangkalahatang Kumperensya sa 2020 ng United Methodist Church.
- Ang United Methodist Church at mga miyembro nito ay nagnanais na palakihin ang Metodistang misyon sa mundo sa muling pagsasaayos ng Simbahan sa pamamagitan ng magalang at marangal na paghihiwalay.
- Ang mga pumirma ay patuloy na magtutulongan upang mabuo ang batas at maipatupad ang Protokol, na pagbobotohan at pagtitibayin ng Pangkalahatang Kumperensya sa 2020 ng United Methodist Church. Hindi tututulan ng mga pumirma ang konstitusyonalidad o legalidad ng batas na magpapatupad ng Protokol na ito at magkakasama at indibidwal na ipagtatanggol ang mga probisyon ng Protokol at anumang gaganang batas kung sakaling susuriin ng Konsehong Panghukuman ng United Methodist.
- Sumasang-ayon ang mga pumirma na gawin ang kanilang pinakamahasag na pagsisikap upang mahikayat ang anumang grupo o samahan kung saan sila ay kaakibat na suportahan ang batas na kinakailangan upang maipatupad ang Protokol. Kasabay ng pangako sa Artikulo I, Talata 1, ang mga pumirma ay hindi lalahok o susuporta sa batas o iba pang pagsisikap na hindi naaayon sa mga prinsipyo at tuntunin ng Protokol at pagpapatupad ng batas. Maaari nilang suportahan ang iba pang mga pagsisikap hangga't ang lahat ng mga pumirma sa Protokol na ito ay sumasang-ayon na ang nasabing pagsisikap ay naaayon sa Protokol.
- Sumasang-ayon ang mga pumirma na ang bawat isa sa probisyon ng Protokol na ito ay pinagsama at mahalaga sa kabuuan at hindi dapat mahiwalay sa nalalabing Protokol. Dagdag pa rito, kung ang anumang probisyon ng Protokol ay maituturing na ilegal ng alinman sa Konsehong Panghukuman ng United Methodist o ng korteng sibil, ang kabuuan ng Protokol na ito ay maituturing na walang bisa.
- Sumasang-ayon ang mga pumirma na hindi sila maghahabol, o susuportahan ang anumang paghahabol, para sa mga karagdagang pag-aari pagkatapos ng paghahati-hati ng United Methodist Church o alinman sa mga sektang magmumula sa Protokol na ito at hindi magiging partido sa naturang paglilitis.

ARTIKULO II: Paglalarawan ng mga Termino

- Ang **LGBTQ** ay nangangahulugang ang komunidad na kasama ang ilang hanay ng mga tao na may katulad na diskriminasyon dahil sa kanilang sekswal na oryentasyon o pagkakakilanlan/pagpapahayag ng kasarian. Ang mga letra ng akronim ay nangangahulugang Lesbian, Gay, Bisexual, Transgender, at Queer (hindi babae o lalaki lamang, pagkilala sa sarili).
- Ang **sekta ng Methodist alinsunod sa Protokol na ito** ay nangangahulugang lahat ng sekta ng Methodist na nilikha sa pamamagitan ng Protokol at ng United Methodist Church.
- Ang **Ikahuli ng Paghahati-hati ng United Methodist Church** ay nangangahulugang ang United Methodist Church pagkatapos ng pagbuo ng mga bagong sekta sa ilalim ng Protokol na ito.
- Ang **Protokol** ay ang kasunduang ito kung saan sumasang-ayon ang mga partido na suportahan ang pagbuo at pagpapatupad ng batas na kinakailangan upang maipatupad ang mga tuntunin ng Protokol.

ARTIKULO III: Proseso at Timeline para sa Implementasyon ng Protokol

- Upang maipatupad ang Protokol na ito, ang United Methodist Church at ang mga miyembro nito ay tatanggapin ang sumusunod na proseso at timeline para sa pagsasagawa ng muling pagsasaayos.
 - Ang pagpaparehistro kasama ang Kalihim ng Konseho ng mga Obispo na hangaring bumuo ng bagong sekta ng Methodist alinsunod sa Protokol na ito ay dapat mangyari ng hindi lalampas sa Mayo 15, 2021.
 - Ang Sentral na Kumperensya ay maaaring pumili ng may dalawang-katlong boto upang umanib sa sekta ng Methodist alinsunod sa Protokol na ito maliban sa pagkatapos ng paghahati-hati ng United Methodist Church. Kung ang Sentral na Kumperensya ay hindi bumoto, mananatili itong bahagi ng pagkatapos ng paghahati-hati ng United Methodist Church. Ang nasabing boto sa pag-anib ay dapat maisagawa ng hindi lalampas sa Disyembre 31, 2021.
 - Taunang Kumperensya, maging sa Sentral o Hurisdiksyonal na Kumperensya, ay maaaring pumiling bumoto kung magiging kaakibat ng isa sa sekta ng Methodist alinsunod sa Protokol na ito. Kung ang Taunang Kumperensya ay hindi bumoto, mananatili itong bahagi pagkatapos ng pagkakahati-hati ng United Methodist Church. Upang isaalang-alang ng Taunang Kumperensya ang pag-anib sa isang sekta alinsunod sa Protokol na ito bukod sa pagkatapos ng paghahati-hati ng United Methodist Church, ang mosyon ay maaaring gawin sa sesyon ng Taunang Kumperensya upang magsagawa ng pagboto sa pag-anib. Kung suportado ng 20% ng mga bumoto sa sesyon ng Taunang Kumperensya, dapat na isagawa ang pagboto sa pag-anib bago ang Hulyo 1, 2021. Upang umanib sa isang sekta ng Methodist na nilikha sa ilalim ng Protokol na ito

bukod sa bago ang paghahati-hati ng UMC, ang botohan sa pag-anib at dapat suportado ng 57% ng mga bumoto.

- Anumang lokal na simbahan na nagnanais ng ibang pagkikipag-ugnayan kaysa sa sekta ng Metodista alinsunod sa Protokol na ito na pinili ng Taunang Kumperensya ay maaaring magsagawa ng botohan sa pakikipag-ugnayan. Kung ang isang lokal na simbahan ay hindi bumoto, nananatili itong bahagi ng sekta ng Methodist alinsunod sa Protokol na ito na pinili ng Taunang Kumperensya. Kung naganap ang naturang botohan, ang konseho ng simbahan ay dapat magpasiya sa threshold ng pagboto ng alinman sa simpleng mayorya o dalawang-katlo ng mga naroroon at bumoto sa nararapat na tinawag na pagpupulong ng simbahan upang ang mosyon para sa ibang pakikipag-ugnayan ay mapagtibay. Ang boto sa mosyon upang pumili ng ibang pakikipag-ugnayan ay dapat mangyari sa kumperensiya ng simbahan na gaganapin ng hindi hihigit sa 60 araw pagkatapos ng kahilingan para sa naturang botohan ay hiniling ng konseho ng simbahan. Ang nasabing mga kumperensya ng simbahan ay dapat gawin ng may konsultasyon sa Superintendente ng Distrito na magpapahintulot na maisagawa ang mga ganitong klase ng kumperensya ng simbahan. Ang mga pagpapasya tungkol sa ugnayan ng lokal na simbahan alinsunod sa Protokol na ito ay dapat gawin sa Disyembre 31, 2024.

ARTIKULO IV: Mga Tuntunin sa Kasunduan sa Pananalapi sa Protokol na ito

- Upang mapagtibay ang prosesong ito ng muling pagsasaayos, ang mga sumusunod na hakbang ay gagawin patungkol sa pananalapi ng United Methodist Church:
 - **Mga Ari-arian, Asset, at Pananagutan ng Lokal na Simbahan**
 - Ang isang lokal na simbahan na makikipag-ugnay sa sekta ng Methodist alinsunod sa Protokol na ito bukod sa pagkatapos ng paghahati-hati ng United Methodist Church ay mapapanatili ang kanilang mga ari-arian at pananagutan. Ang Taunang Kumperensya ng United Methodist Church na kinabibilangan ng lokal na simbahan sa oras ng paghahati-hati ay hindi isasagawa ang sugnay ng tiwala nito at pakakawalan ang nasabing lokal na simbahan mula sa mga probisyon ng anuman at lahat ng mga sugnay ng tiwala. Ang lokal na simbahan, bago ang paghahati-hati nito, ay inaasahang pananatilihin ang mga kaugnay na responsibilidad hanggang sa petsa ng paghahati-hati. Sa paghahati-hati, ang nasabing lokal na simbahan ay hindi kinakailangang magbayad ng anumang kabuuan sa Taunang Kumperensya maliban sa dati nang na-dokumentong mga utang mula sa Taunang Kumperensya na dapat bayaran ayon sa mga tuntunin ng naturang pautang.
 - Kung sakaling ang lokal na simbahang ito (o ang kapalit nito) ay kalaunang piniling magsara, o kung ang sekta ng Methodist alinsunod

sa Protokol na ito na kung saan sila ay kaugnay ay tumigil na sa operasyon, ang pag-aari ng naturang lokal na simbahan ay mapapasailalim pabor sa asset ng Wespeth, sa halagang proporsyonal na bahagi ng lokal na simbhang ito para sa hinaharap ng hindi pa napopondohang pensyon ng pananagutan.

- Kung ang isang lokal na simbahan ay bumitiw sa pakikipag-ugnayan mula sa United Methodist Church at hindi naging bahagi ng sekta ng Methodist alinsunod sa Protokol na ito, dapat itong sumunod sa talata 2553 mula sa Libro ng Disiplina ng United Methodist.

- **Taunang, Hurisdiksyonal, at Sentral na Kumperensya ng Ari-arian, Asset, at Pananagutan**

- i Ang mga ari-arian, asset at pananagutan ng Taunang, Huridisksyonal, at Sentral na Kumperensya ay dapat mapanatili ng mga taong iyon anuman ang desisyon ng kaakibat na sekta ng Methodist alinsunod sa Protokol na ito na ginawa ng bawat isa sa ilalim ng Protokol na ito.

- **Mga Kasunduan sa Pananalapi**

- Ang kabuuang \$25M ay babayaran ng Pangkalahatang Konseho ng Pananalapi at Pamamahala sa paglipas ng susunod na apat na taon sa tradisyunalistang sekta ng Methodist na itinatag alinsunod sa Protokol na ito matapos itong mabuo at isama.
- Ang kabuuang \$2M ay ipagkakatiwala sa Pangkalahatang Konseho ng Pananalapi at Pamamahala para sa pagbabayad sa potensyal na karagdagang sekta ng Methodist na itinatag alinsunod sa Protokol na ito pagkatapos nitong mabuo at maisama sa susunod na apat na taon.

Bilang isang pagkilala sa makasaysayang papel ng kilusang Metodista sa mga sistema ng sistematikong karahasan sa lahi, pagsasamantala at diskriminasyon, at bilang patas at makatarungang hakbang sa pagtugon sa epekto ng naturang mga pinsala, ang halagang \$39M ay ilalaan ng Pangkalahatang Konseho ng Pananalapi at Pamamahala sa rekomendasyon ng kanilang badyet sa susunod na dalawang apat na taon upang suportahan ang mga komunidad na makasaysayang diniskrimina ng kasalanang rasismo. Ang layunin ng itinalagang pondong ito ay upang palakasin ang mga ministro ng at para sa Asyano, Iitim, Hispanic-Latino, Native American, at mga Komunidad ng Pacific Islander, hikayatin ang buong pakikilahok ng mga makasaysayang diniskriminang mga komunidad sa pamamahala at paggawa ng desisyon ng simbahan, at matiyak na ang mahahalagang gawain ng pagsasanay sa susunod na henerasyon ng mga pinuno ng Africa University ay mapapanatili. Ang Talahanayan ng Koneksyon na

kumonsulta sa Pambansang Plano, Programa ng mga Ahensya ng Simbahan, at Konseho ng mga Obispo ay magiging responsable sa pagtukoy at pagtatasa ng mga prayoridad ng programa na may kaugnayan sa itinalagang pondong . Ang \$13M ng halagang ito ay kumakatawan sa kontribusyon mula sa pagkatapos ng pagkakahati-hati ng Tradisyonal na Sekta ng Methodist, na ginawang posible ng kanilang pagpapasyang tanggihan ang pagtanggap ng pondong ito at sa halip ay i-ambag sa pondong ito. Ang halagang \$13M na ito ay mananatiling hawak at pamamahalaan ng pagkatapos ng paghahati-hati ng United Methodist Church para sa hangaring ito. Bilang karagdagan, ang pagkatapos ng paghahati-hati ng United Methodist Church ay mag-aambag ng \$26M na may kabuuang \$39M sa paglipas ng 8 taon para sa hangaring ito. Ang mga simbahan na nakahanay sa tradisyonal na sekta ng Methodist sa ilalim ng Protokol na ito ay dapat magkaroon ng opsyon na lumahok sa mga programa at maggawad na nagsisilbi sa kani-kanilang pangkat etniko kung hindi man nila matutugunan ang mga kinakailangan para sa naturang pakikilahok sa 8-taong panahong ito.

- Ang mga plano ng pensyon ng United Methodist Church ay mananatili para sa lahat ng mga kasalukuyang klero at mga empleyado ng karaniwang tao na may kaugnayan sa The United Methodist Church, anuman ang sekta ng Methodist sa ilalim ng Protokol na ito kung saan sila kaakibat. Ang mga pumirma ay sumusuporta sa kasalukuyan at iminungkahing batas na isinumite ng Wespeth na tumatalakay sa pag-aakma ng mga hindi pa napondohang pananagutan ng pensyon ng mga sekta ng Methodist sa ilalim ng Protokol na ito, at ang kakayahan ng mga pari na nauugnay sa mga sekta ng Methodist sa ilalim ng Protokol na ito upang magpatuloy na makilahok sa mga plano ng pensyon na pinamamahalaan ng Wespeth. Ang lahat ng iba pang ari-arian, asset, o pananagutan ng The United Methodist Church, kasama na ang mga pangkalahatang board at ahensya, ay mananatili sa pagkatapos ng pagkakahati-hati ng United Methodist Church at iba pang sekta ng Methodist sa ilalim ng Protokol na ito ay hindi maghahabol o walang karapatan sa naturang mga ari-arian, asset o mga pananagutan.
- Ang Konseho ng mga Obispo ng pagkatapos ng paghahati-hati ng United Methodist Church ay dapat mag-alok na pumasok sa mga kasunduang ekumenikal sa mga sekta ng Methodist na nabuo sa ilalim ng Protokol na ito. Ang nasabing mga kasunduang ekumenikal ay maaaring kasama ang pakikilahok sa mga Board at Ahensya, pagpapatuloy ng iba't ibang aktibidad sa misyon, o anumang iba pang bagay sa loob ng saklaw ng mga kasunduang ekumenikal.

ARTIKULO V: Moratorium

- Bilang isang pagpapahayag ng pagkakasundo at biyaya sa paghahati-hati, ang mga pumirma ay sumasang-ayon na ang lahat ng prosesong administratibo o hudisyal na tumatalakay sa mga paghihigpit sa Aklat ng Disiplina na may kaugnayan sa mga umamin na nagsasagawang mga homoseksuwal o kasal na parehong kasarian ay dapat ipagpaliban simula Enero 1, 2020 sa pamamagitan ng pagpapaliban ng unang kumperensya ng pagkatapos ng paghahati-hati ng United Methodist Church. Ang klero ay dapat na patuloy na manatili sa mabuting kalagayan habang ang mga naturang reklamo ay ipagpapaliban.
- Sumasang-ayon ang mga pumirma na kung mayroong mga simbahan na iminungkahing isasara, ang simbahan at taunang pagpupulong ay ipagpapaliban ang panghuling aksyon sa pagsasara ng mga simbahan hanggang sa matapos ang Pangkalahatang Kumperensya ng The United Methodist Church sa 2020, maliban sa mga sitwasyon kung saan may mga malubhang kalagayan at/o kusang-loob na napagtanto ng kongregasyon na kinakailangan isara ang isang simbahan dahil sa kakulangan ng pakikilahok o pagkabangkarote.

ARTIKULO VI: Pangkalahatang Kumperensya 2020

Upang ang lahat ng partido ay makapagbago sa kanilang nais na hinaharap, hinihiling ng Konseho ng mga Obispo na makipagtulungan sa Komisyon sa Pangkalahatang Kumperensya at iba pang mga ahensya ng simbahan upang maisagawa ang sumusunod:


- Ang Konseho ng mga Obispo ay humihiling ng pagpapahayag ng desisyon mula sa Konseho ng Hudikatura tungkol sa konstitusyonalidad ng iminungkahing batas na may kaugnayan sa Protokol na magaganap bago ang pagbubukas ng sesyon ng Pangkalahatang Kumperensya sa 2020.
- Ang Konseho ng mga Obispo ay humihiling ng ulat mula sa Pangkalahatang Konseho sa Pananalapi at Pamamahala na may kaugnayan sa mga epekto sa pananalapi ng Protokol na ibabahagi bago ang Pangkalahatang Kumperensya sa 2020.
- Ang Konseho ng mga Obispo, na nakikipagtulungan sa Komisyon sa Pangkalahatang Kumperensya, ay tutukuyin ang naaangkop na oras sa Agenda ng Pangkalahatang Kumperensya para sa Protokol at anumang kaugnay na pagpapatupad ng batas na ihaharap.
- Ang Konseho ng mga Obispo ay magbibigay ng lugar kung saan magpupulong para sa mga interesado sa paglikha ng iba pang pagpapahayag ng isang sekta ng Methodist alinsunod sa Protokol na ito sa pagpapaliban ng sesyon ng Pangkalahatang Kumperensya sa 2020.
- Ang Konseho ng mga Obispo ay tatawagin ang unang sesyon ng Pangkalahatang Kumperensya pagkatapos ng paghahati-hati ng United Methodist Church upang ayusin ang sarili nito at, kung ang nasabing batas ay hindi naipasa, isasaalang-alang ang mga bagay na may kinalaman sa plano sa Rehiyonal na Kumperensya.

- Tatawagin ng Konseho ng mga Obispo ang unang sesyon ng Panrehiyong Kumperensya ng Estados Unidos upang isaalang-alang ang batas na may kaugnayan sa mga pagbabago sa umaangkop na bahagi ng Libro ng Disiplina kasama ang pagpapawalang-bisa sa batas ng Tradisyonal na Plano at lahat ng iba pang bahagi na nauugnay sa mga LGBTQ.


ARTIKULO VII: Ang mga Pumirma sa Protokol

Ang mga taong pumirma, pagkatapos ng kusang pakikilahok sa maraming kumpidensyal na mga sesyon sa pamamagitan ng tagapamagitan na si Kenneth R. Feinberg, ay sumasang-ayon sa mga tuntunin ng Protokol na ito at magkakasama at indibiduwal na magtatrabaho upang suportahan ang pag-papatupad ng Protokol, kasama ang pagbuo ng lahat ng batas na kinakailangan upang maipatupad ito.

Disyembre 17, 2019


DocuSigned by:

 C1F3EACBD85A455...

Pirma:

DocuSigned by:

 D2932BE2F411481...

Obispo Christian Alsted, Nordic-Baltic Episcopal Area

Pirma:

DocuSigned by:

 068EA6131770497...

**Rev. Thomas Berlin, representing UMCNext,
 Mainstream UMC, Uniting Methodists**


Pirma:

DocuSigned by:

 7D3F6D6800944B2...

Obispo Thomas J. Bickerton, New York Episcopal Area

Pirma:

DocuSigned by:

 D28B46BB40EF4C0...

**Rev. Keith Boyette, kinatawan ng The Confessing
 Movement, Good News, IRD/UM Action, at Wesleyan Covenant Association**

Pirma:

DocuSigned by:
Rev. Junius Dotson
88AE98C246D34BB...

Obispo Kenneth H. Carter, Florida Episcopal Area

Pirma:

Rev. Junius Dotson, kinatawan ng UMCNext, Mainstream UMC, Uniting Methodists

DocuSigned by:
Bishop LaTrelle Easterling
385D631F4788496...

Pirma:

DocuSigned by:
Rev. Egmedio "Jun" Equila, Jr.
AE8CB04BBC56448...

Obispo LaTrelle Easterling, Washington Episcopal Area

Pirma:

DocuSigned by:
Bishop Cynthia Fierro Harvey
668670CBE34E430...

Rev. Egmedio "Jun" Equila, Jr., Philippines Central Conference

Conference

Pirma:

DocuSigned by:
Bishop Rudy Juan
3E40D647490946B...

Obispo Cynthia Fierro Harvey, Louisiana Episcopal Area

Pirma:

DocuSigned by:
Janet M. Lawrence
ADD152430E3A41A...

Obispo Rodolfo Rudy Juan, Davao Episcopal Area, Philippines

Pirma:

Janet Lawrence, kinatawan ng Affirmation, Methodist Federation for Social Action, at Reconciling Ministries Network

DocuSigned by:
David Meredith
F64B1AA0BF7E4C9...

Pirma:


Rev. David Meredith, kinatawan ng Affirmation, Methodist Federation for Social

DocuSigned by:
Patricia Miller
2069928286C641D...

Action, at Reconciling Ministries Network, miyembro ng UM Queer

Clergy Caucus

Pirma:

DocuSigned by:

4FEB2A0024FE413...

**Patricia Miller, kinatawan ng The Confessing Movement,
Good News, IRD/UM Action, at Wesleyan Covenant Association**


Pirma:

DocuSigned by:

992461DBA394468...

**Dr. Randall Miller, kinatawan ng Affirmation,
Methodist Federation for Social Action, at Reconciling Ministries Network**

Pirma:

DocuSigned by:

E8648FD46522448...

**Obispo Gregory Vaughn Palmer, Ohio West Episcopal
Area**

Pirma:

Obispo John K. Yambasu, Sierra Leone Episcopal Area

Bilang karagdagan sa mga pumirma sa itaas, ang mga sumusunod na indibidwal ay lumahok sa paunang pagpupulong na binuo ni Obispo John Yambasu at iba pang mga Obispo ng Sentral na Kumperensya noong Hulyo 2019 at kumonsulta sa pangkat ng pamamagitan sa panahon ng proseso:

Rev. Dr. Maxie Dunnam

Rev. Ginger Gaines-

Cirelli Rev. Adam

Hamilton

Rev. Dr. Mark Holland

Obispo Mande Muyambo, North Katanga Episcopal Area

Karen Prudente

Rev. Rob Renfroe

Rev. Kimberly

Scott

Rev. Jasmine R.

Smothers Mark Tooley